Ang mananampalataya ay salamin ng kapatid niyang mananampalataya.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Ang mananampalataya ay salamin ng kapatid niyang mananampalataya."

[Ang isnād nito ay maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

May [nasaad] sa ḥadīth na marikit na paglalarawang pampropeta at pagwawangis na malalim na naglilinaw sa kalagayan ng kapatid na Muslim sa kapatid nito. Itinatakda niyon ang pananagutan niya rito. Kaya naman papatnubayan niya ito tungo sa mga magandang kaasalan, at isasagawa naman nito ang mga iyon, at palayo sa mga masasagwang kaasalan, at iwawaksi naman nito ang mga iyon. Kaya naman siya para rito ay gaya ng salaming makintab na nagpapakita sa kanya ng sarili niya sa katotohanan. Ito ay nagpapahiwatig ng pagkaisinatungkulin ng pagpapayo sa mananampalataya. Kaya kapag nakaalam siya ng anuman sa mga kapintasan ng kapatid niya at mga kamalian nito, pinaaalalahanan niyo ito hinggil sa mga iyon at pinapatnubayan niya ito tungo sa pagtutuwid ng mga iyon, ngunit sa pagitan lamang nilang dalawa dahil ang pagpapayo sa harap ng madla ay panghihiya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5494